

Paano Nakakaapekto ang Usok ng Kahoy sa Bay Area?



Kasama ang usok ng kahoy sa pinakamalaking pinagmumulan ng fine particulate matter, o PM_{2.5}, na mga emisyon sa Bay Area.

Posibleng responsable ang mga PM_{2.5} na emisyon mula sa pagsusunog ng kahoy sa kabahayan sa Bay Area para sa 94–210 premature na pagkamatay taun-taon.

94–210
Premature na Pagkamatay

Nagmumula sa pagsunog ng kahoy ang

34%


ng mga PM_{2.5} na emisyon na dulot ng tao sa Bay Area tuwing taglamig.



Mga Buwang Pinakamataas (Dis-Ene)

Mga Naililipat na Pinagkukunan (Kabilang ang Alikabok sa Kalsada)

Pagsunog ng Kahoy sa Tirahan



Iba Pang Pinagkukunan sa Lugar

Mga Pinapahintulatang Pinagkukunang Pasilidad



Ang **76%** ng mga aktibong ginagamit na kagamitan sa pagsunog ng kahoy ay mga fireplace.



Ang **24%** ng mga aktibong ginagamit na kagamitan sa pagsunog ng kahoy ay mga kalan ng kahoy.

Ang **1%** ng mga aktibong ginagamit na kagamitan ay natatanging pinagkukunan ng init sa isang sambahayan.

1,625

reklamo sa usok ng kahoy kada taon, sa average





Naglathala ang Distrito ng Hangin ng White Paper na nagdedetalye sa kasalukuyan pag-unawa natin sa mga emisyon ng usok ng kahoy sa Bay Area. Nagbibigay ang White Paper ng maraming impormasyon tungkol sa pagsunog ng kahoy sa Bay Area, ang kasalukuyang kalagayan ng pagkontrol para sa mga kagamitang nagsusunog ng kahoy, at talakayan ng mga potensyal na rekomendasyon upang mas mabawasan ang mga emisyon at pagkakalantad sa usok ng kahoy, kasama na ang sumusunod na dalawang patakaran:

1



Pag-isipang ibaba ang threshold ng trigger ng ban sa pagsunog ng kahoy na PM_{2.5} na konsentrasyon sa antas na mas mababa at mas makakaprotekta sa kalusugan.

Inirerekomenda ng kawani na panatilihin ang kasalukuyang pagbubukod sa ban sa pagsusunog para sa natatanging pinagkukunan ng init, pagkawala ng serbisyo ng utility, at pansamantalang hindi gumaganang heater.

2



Isaalang-alang ang patakarang nagpapabilis sa pagreretiro at pag-turnover ng mas maduduming kagamitan sa pagsunog ng kahoy.

Nanghihingi ng input ang mga kawani tungkol sa antas ng pagiging mahigpit at mekanismo para sa ganitong uri ng patakaran.

Ang karagdagang impormasyon sa data at mga rekomendasyong ibinigay rito ay makikita sa White Paper sa Usok ng Kahoy na inilathala kasama nitong fact sheet sa usok ng kahoy, na makikita rito:

www.baaqmd.gov/rules-and-compliance/rule-development/woodsmoke

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa o mga inisyatiba sa patakaran sa usok ng kahoy ng Distrito ng Hangin, mangyaring bumisita sa www.baaqmd.gov/woodsmoke.



www.sparetheair.org



Bay Area
Air District
CLEAN AIR FOR ALL

www.baaqmd.gov
woodsmokerule@baaqmd.gov